## Payamanin Mo

### Pagtukoy sa Katutubong Salita para sa Hiram na Salita sa tulong ng Pahiwatig na Pangungusap

**PAGSASANAY 1:** Piliin sa kahon ang katutubong salita para sa hiram na salitang may salungguhit sa pangungusap. Isulat sa patlang ang titik ng sagot.

| | | |
|---|---|---|
| a. huli | c. paaralan | e. oras |
| b. pangkat | d. pagsasanay | f. punong-guro |

____ 1. Halos araw-araw ang itinakdang praktis ng mga mag-aaral para sa itatanghal sa palatuntunan.

____ 2. Ayaw naming mapahiya ni Bb. de Jesus sa aming prinsipal.

____ 3. On time na laging nagsisimula ang ano mang gawain sa aming iskul.

____ 4. Ilang ulit siyang leyt sa oras na pinagkasunduan nilang magkakamag-aral.

____ 5. Si Carla ang pinakamahusay umarte sa kanilang grupo.

### Pagpili sa Magkasalungat na Salita sa pamamagitan ng Pagkakagamit sa Pangungusap

**PAGSASANAY 2:** Kahunan ang dalawang salitang magkasalungat ang kahulugan sa pangungusap.

1. Biglang nagsigawan ang dalawang nag-uusap kaya nag-anasan ang mga taong nasa paligid nila.
2. Nagtataka ako sa iyo. Nauna mo pang natapos ang mabigat mong takdang-aralin kaysa roon sa magaan.
3. Marami ang tumanggap ng trabaho sa ibang bansa samantalang mayroon ding tumanggi.
4. Kung bigo ka sa unang eksperimento, maaari namang matagumpay ang susunod.
5. Bagalan mo naman ang paglalakad kasi hindi ko na kayang bilisan pa ang aking mga hakbang.



LIVEWORKSHEETS